# Tutula, Tutuli, Tutulo

Mga Nilalaman:

Tutula
Ang Paborito Kong Damit
Ang Kalaro Ko'y Sadyang Mapili
Ang Salamangka ni Bunso
Si A, Si S, Si O
Tutuli
Palusot ni Juan Tamad
Tengang Kawali
Tutulo
Hayan na Naman ang Halimaw na Ulan
Saang Lupalop Ako Nagpunta?

**Tutula**

Ako'y
tutula, ma-
habang-mahaba,
singhaba ng leeg
sing-
haba
ng…
mga
hita…
Ako’y
tutula
maha-
bang-
mahaba,
singhaba
ng mga
sanga…
nitong
punong nginangata. Ako'y tutula mahabang- mahaba
abot hanggang tuhod, ang mga taludtod.
Ako'y tutula mahabang-mahaba, abot
hanggang sakong, ang mga saknong.

Kaibigang
bata, kapag
ako'y
nakita
habang
tumu-
tula
nang
ma-
ha-
bang-
ma-
ha-
ba,

Ang
tanging
hiling
sana’y
habaan
mo rin
ang
iyong
pa-
sen-
siya
sa
pag-
ti-
nga-
la.

**Ang Paborito Kong Damit**

Kahit may butas na sa bandang kilikili
May ilang punit at ilang beses sinulsi
Nabura na ang nakatatak na disenyo
Nginuya ng *washing machine* ang kuwelyo
Kahit pa kumupas na ang ilang parte
O may mantsa pa ng kumapit na tsokolate
Ang manggas nginatngat ni "mabait"
Ang laylayan hinahabol ng karayom, sinulid
Kahit tagpi-tagping parang basahan
Ang importante nasusuot pa naman
Kahit pa nagmumukhang suman
Ang katawan dahil naliitan,
Ito pa rin ang paboritong damit na isinusuot
Sa paglalaro at pagtulog.
Di ipagpapalit kailanman
Lalo't regalo ng minamahal na magulang
Noong aking huling kaarawan
Tatlong taon nang nakararaan.

**Ang Kalaro ko'y Sadyang Mapili**

Ayaw niya sa medyas
Ayaw niya sa putik
Ayaw niya sa tsinelas
Ayaw niya sa plastik.

Ayaw niya sa salamin
Ayaw niya sa bola
Ayaw niya sa papel
Ayaw niya sa krayola.

Ayaw niya sa patpat
Ayaw niya sa bota
Ayaw niya sa bulaklak
Ayaw niya sa manika.

Gusto niya sa talim
Ng gunting at kutsilyo
Gusto niya sa piling
Ng mga liyabe at turnilyo.

Gusto niya sa aspile
Gusto niya sa kaldero
Gusto niya sa susi
Gusto niya sa kandado.

Gusto niya sa pako
O sa metal na tinidor
Gusto niya sa ulo ng martilyo
O sa katawan ng *refrigerator*.

Hay, ang kalaro kong ito'y
Sadyang mapili
Palibhasa kasi
Isang batubalani.

**Ang Salamangka ni Bunso**

Bagay na hinahanap,
Di mo namamalayan

Nawawalang tsupon, bimpo
Pati mga laruan

Nasa kanyang mga daliri
Nang walang kahirap-hirap

Sa isang kurap
Nakukuha ang lahat

Waring ipinaglihi
Sa isang salamangkero

Ang munting mga palad
Kayliksi, kaylisto

Di namin mabisto
Sa loob ng tahanan

Walang makatatalo
Pagdating sa pabilisan

Hanggang ngayon
Nahihiwagaan

Sa kamay ng bunsong
Maglilimang buwan.

**Si A, Si S, Si O**

Nang magdikit si A, si S, si O
May tumahol sa paligid.

Nang makita nila si B
Agad naghanap ng tubig.

Nang harangin sila ni K
Sa hukuman dumiretso.

Nang lumapit sila kay L
Naging telang pang-adorno.

Nang si M nakilahok
Nayari ay pamukpok.

Nang sumapi sa kanila si P
Balát humapdi.

Nang magdikit si A, si S, si O
Bahay nagkagulo.

Hanap nila'y buto;
Si mingming ay nagtatago.

**Tututi**

Sa lahat ng anak ni Inang-katawan
Ang kambal na tenga'y pinakamamahal,
Laging protektado sa anumang dumi:
Alikabok man o mikrobyong mumunti.

Dahil taglay nila'y talas ng pandinig
Ginawang rekorder ng lahat ng parte.
Inuulat nila kay Inang-Katawan
Ang anumang tunog na mapapakinggan.

Noong mga una'y maayos pa naman
Nang tumagal, panay imbento ang kambal.
Kagimbal-gimbal ang kanilang balita
Kapatid na parte ay walang magawa.

Ilan sa dumating kay Inang-Katawan:
Sinasadya lang ni tiyan ang pagdighay,
Si baga nama'y papansin lang ang sinok,
Si puso ay tamad nang tumibok-tibok.

Pinipeke lagi ni ilong ang hatsing,
Pag himbing, si bibig kaylakas ng hilik,
Si bituka'y kunwaring umaatungal
Kahit na kakakain lang ng almusal.

Ina'y nagalit sa gawa-gawang ulat,
Pekeng balita wag dapat ipagkalat.
Kaya't ipinataw parusang sagabal
Sa kambal, magsilbi sana itong aral.

Ngayon ang kambal lapitin na ng dumi
Sumpa'y nakakapit pa rin, naglalagi
Saka lang makaririnig nang maigi,
Kapag nilinis na ang sumpang tutuli.

**Palusot ni Juan Tamad**

Nang minsan tsekan
Ni *ma'am* ang aming sinulat,
Ang pinakita ni Juan
Kwadernong walang laman.

Nang usisain ng guro
Ang kanyang sinulat,
Si Juan ay buong-tapang
Na nagpapaliwanag:

Nahihiya po kasi ang mga salita
Kaya ayaw magpakita,
Kanina po ay nandito pa sila
Pero tumakbo at nagtago bigla.

Natakot po yata sa tulis
Ng higanteng dilaw na lapis
Akala nila, sila'y tinutugis
Kaya kwaderno'y biglang luminis.

Ang totoo, kinain po talaga
Ng aking pambura ang mga salita,
Di pinalampas maging mga bantas
Sa kasamaang palad, di rin nakaligtas.

Palusot ni Juan
Sa guro'y di umubra:
*"Kung nais may paraan,*
*Di laging pagdadahilan"*

Naitanim sa aming isipan
Pangaral ni *ma'am*
Dito sa silid-aralan
Walang puwang ang katamaran.

**Tengang Kawali**

Nagpompyangan na ang mga takip ng kaldero,
Kumalatog ang mga plato,
Kumalansing ang mga kubyertos,
Kumalabog ang babasaging mangkok,
Tinambol-tambol ang palayok
Ng siyanse't sandok,
Tinadtad ng kutsilyo ang sangkalan,
Nag-alugan pampalasang lalagyan,
Dinikdik ng almires ang paminta,
Kumalembang ang nahulog na kaserola,
Bumirit pa ang kumukulong takure,
Pero walang kibo ang kawali sa tabi,
Dalawang tengang himbing, kaysarap pingutin
Ay, baka sa sagitsit ng mantika magising.

**Tutulo**

Paalam aking sando,
Paalam aking sombrero,
Paalam aking abaniko,
At sa aking tsinelas na pamato
Sa tumbang preso.
Mahimbing muna sa baul,
Tokador at aparador
Saka na lang magkikita
Kapag panahon ay nag-iba.

Paalam muna sa aking mga paborito:
Haluhalo, sorbetes na makeso
Pati samalamig at mais con yelo.
Saka ko na lang kayo titikman
Kapag di na nilalamig ang katawan.
Paalam muna munting ilog,
Saka na lang maglulublob.
Paalam muna sa tagaktak na pawis
Dala nitong tag-init.

Sapagkat, sisilip-silip na sa tabi
Ang bota, payong, dyaket at kapote,
Mainit na sopas, tsampurado at kape,
At syempre ang kumot, na sa pagtagal
Singkapal ng putik sa daan
Dahil tutulo na sa bubungan
Ang nangungumustang tag-ulan.

**Hayan na Naman ang Halimaw na Ulan**

Ay,
pangil
niya'y butil,
sintulis ng sibat
ang mga patak-
patak- patak.

Ay,
kapag
bumagsak
tila matutungkab
ang bubong sa
sindak.

Di
natatapos
ang bagsik
sa pagbuhos,
kakalabitin pa
ang tulog na
kulog.

Kay
lakas ng
dagundong
ng langit na
gutom.

Ako
sa silid,
nanginginig
nakatalukbong
ng kumot, kapiling
ang ginawing kuting
na tulad kong
matatakutin.

pero
gaano pa
kahalimaw
sa akin itong
pagdating ng ulan,
nagiging payaso sa iilan.
Hagikgik ang hatid sa mga
palay at palaka; sumasabay
sa tikatik, sumasayaw
umaawit ng pasasalamat sa
langit— may biyayang
panubig sa bukid at
magbubukid.

**Saang Lupalop Ako Nagpunta?**

Nagsimula ang aking paglalakbay
Sa pagsakay sa eroplanong sarikulay.
Tapos, inilipad ako sa kahariang kahel
Na binabantayan ng libong anghel.
Nang makitang wala akong pakpak
Hinulog ako sa dagat ng tsoknat.
Doon nag-aabang ang pugitang prinsipe
Na may galamay at ulong berde.
Tinanong pa niya ang aking pangalan
At kung anong klase akong nilalang.
Nang mapansin niyang di ko siya kauri
Ipinain ako sa pating na puti.
Lumangoy ako nang mabilis na mabilis
Hanggang tuluyang makalayo't makaalis.
Nagpalutang-lutang muna ako sa tamis
Ng mga along nakaka-*diabetes*,
Bago narating ang isang pampang
Na ang buhangin ay pulang pinong kalawang.
Maingat ako sa paglalakad
Baka mapasukan ang paang may sugat,
At sa *tetanus* pa ako mapahamak.
Mabuti't may nakita akong dilaw na tsinelas.
Nang aking isuot, naku po kay bigat
Pinilit kong humakbang sinundan ang bakas.
Narating ko rin ang madawag na gubat,
Doon may bughaw na unggoy na sa akin tumambad.
Inangkas ako sa kanyang likod
Naglambitin kami sa mga baging na marupok
Hanggang matunton ang kanilang kuta
Na pinamumunuan ng haring daga.
May korona pa itong gawa sa gintong keso
Inaykupo, ano bang mundo ito?
Nagpatulong na ako paano makababalik
Pabalik doon sa aking daigdig.
Nagsalita ang dagang haring bundat:
"Babalik ang lahat sa iyong pagdilat,"

Naalimpungatan ako sa kiliti ng umaga,
Sa awit ng pipit na nanghaharana sa bintana.
Wala akong maalala ni isang tagpo o mukha
Maging kung saang lupalop ako nagpunta,
Liban sa nag-iisang palatandaan:
May naiwang mapa ng laway sa aking unan.